# LUNSOD NG SAN DIEGO

## Proposisyon C

(Ang proposisyon na ito ay lilitaw sa balota sa sumusunod na anyo.)

---

## PROP C

**SUMUSUSOG SA SALIGANG BATAS NG LUNSOD KAUGNAY SA PUNONG OPISYAL NG PANANALAPI, TAGATUOS NG KUWENTA NG LUNSOD, INDEPENDIYENTENG TAGASURI NG BADYET, TESORERO, AT KOMITE NG PAGTUTUOS NG KUWENTA.** Susususugan ba ang Saligang Batas upang gumawa ng mga puwesto, mga papel at mga pananagutan ng Punong Opisyal sa Pananalapi, Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod, at Independiyenteng Tagasuri ng Badyet; baguhin ang proseso ng paghirang sa Tesorero ng Lunsod; at gumawa ng isang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta?

---

Ang proposisyon na ito ay nangangailangan ng pag-apruba ng isang simpleng mayoriya o nakararami (higit sa 50%) ng mga botanteng bumoboto sa proposisyon.

Ang iminungkahing pagsusog sa saligang batas ay sumusunod sa pangangatwiran.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

MGA PAGSUSOG SA SALIGANG BATAS KAUGNAY SA MGA OPISYAL NG PANANALAPI AT MGA PANANAGUTAN. Aaprubahan ba ng mga botante ang mga pagsusog sa Saligang Batas upang gumawa o baguhin ang mga opisina at mga pananagutan ng isang Punong Opisyal sa Pananalapi, Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod, at Independiyenteng Tagasuri ng Badyet; baguhin ang proseso ng paghirang sa Tesorero ng Lunsod; at gumawa ng isang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta na mangangasiwa sa Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod?

# WALANG PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADO NG LUNSOD

Kasaysayan. Bago ang panahon ng pagsubok sa Alkalde-Konseho (Malakas na Alkalde) na porma ng gobyerno, ang Konseho ng Lunsod ang pumili sa Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at Kontroler, ang punong opisyal ng pananalapi ng Lunsod, na gumanap bilang kontador ng Lunsod at nagtuos sa kuwenta ng mga departamento ng Lunsod. Ang Tagatuos ng Kuwenta at Kontroler ay nagbigay ng impormasyon sa pananalapi kapwa sa Konseho at Tagapamahala ng Lunsod. Ang Konseho ay humirang sa Tagapamahala, na gumanap bilang punong opisyal ng badyet, nagmumungkahi sa badyet ng Lunsod at ibang mga ulat sa pananalapi, at nagpapairal sa mga plano ng pananalapi kapag inaprubahan ang mga ito ng Konseho. Ang Konseho ay umasa sa impormasyong ibinigay ng kapwa mga opisyal para sa kanyang mga pasiya tungkol sa pananalapi. Ang Tagapamahala ay humirang, kasama ng pagpapatibay ng Konseho, sa Tesorero ng Lunsod, sa tagapagbantay ng pera ng Lunsod.

Sa loob ng 5-taon na panahon ng pagsubok sa Alkalde-Konsehong porma ng gobyerno, ang ibinotong Alkalde ay umaako sa mga pananagutan ng Tagapamahala, kabilang ang pagbabadyet, at may awtoridad na humirang sa karamihan sa mga opisyal ng pananalapi ng Lunsod na may pagpapatibay ang Konseho (ang Tagapamahala, ang Tagatuos ng Kuwenta at Kontroler, at ang Tesorero ng Lunsod). Ang Konseho ay may pansamantalang awtoridad na gumawa ng isang Opisina ng Independiyenteng Tagasuri ng Badyet (IBA) upang mabigyan ito ng isang malayang pagsusuri tungkol sa mga usapin ng badyet at patakarang kailangan nitong pagpasiyahan. Ang pangangasiwa ng Alkalde sa Tagatuos ng Kuwenta at tungkulin ng Kontroler na sumuri sa mga departamento ng pananalapi sa ilalim ng pagkontrol ng Alkalde ay nagbigay ng mga pag-alala tungkol sa pagiging independiyente ng mga panloob na pagtutuos ng kuwenta. Ang isang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta, na binubuo ng tatlong mga miyembro ng Konseho, ay itinatag sa pamamagitan ng ordinansa upang magbigay ng pangangasiwang lehislatibo para sa panloob at panlabas na trabaho ng pagsusuri ng Lunsod.

Mungkahi. Sa pamamagitan ng panukala ng balotang ito, ang Konseho ay naghahanap na susugan ang Saligang Batas upang mas malinaw na ihiwalay ang tungkulin ng panloob na pagsusuri ng Lunsod mula sa pangangasiwa ng Tagapamahala (Alkalde) sa pamamagitan ng pagtatatag ng bagong opisina ng Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod, na pangangasiwaan ng isang binagong kayarian na Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta. Ang mga pagbabagong ito ay mananatili kahit na matapos ang Alkalde-Konsehong porma ng gobyerno tulad ng nakatakda sa Disyembre 31, 2010. Ang Tagatuos ng Kuwenta ay magsasagawa sa panloob na pagsusuri ng Lunsod at mga pagsisiyasat at hihirangin para sa isang 10-taon taning ng Tagapamahala, kasangguni ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta, kasama ng pagpapatibay ng Konseho. Ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay mangangasiwa sa mga gawaing panloob ng pagsusuri ng Lunsod at pagkontrol; ituon ang gawain ng Tagatuos ng Kuwenta; at irekomenda ang panlabas na tagatuos ng kuwenta ng Lunsod, na susubaybay sa kanyang trabaho. Ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay bubuuin ng dalawang mga miyembro ng Konseho, kung alin ang isa ay mamumuno sa Komite, at tatlong mga miyembrong pampubliko. Ang mga miyembrong pampubliko ay kailangang magkaroon ng hindi bababa sa 10 mga taon ng propesyonal na karanasan sa pananalapi, at hihirangin mula sa mga kandidatong inirekomenta ng isang komiteng pumipili na binubuo ng Punong Opisyal ng Pananalapi (CFO), ang IBA, isang miyembro ng Konseho, at dalawang mga panlabas na dalubhasa sa pananalapi.

Ang panukala ay nagtatakda din na ang Tagapamahala (Alkalde) ay hihirang, kasama ng pagpapatibay ng Konseho, sa bagong CFO, na aako sa mga pananagutan ng pagkukuwenta ng Lunsod at pangangasiwaan ang Tesorero ng Lunsod. Ang paghirang sa Tesorero ay hindi na mangangailangan ng pagpapatibay ng Konseho.

Ang panukala ay gagawang permanente sa Opisina ng IBA, na kundi ay matatapos sa katapusan ng panahon ng pagsubok ng Alkalde-Konsehong porma ng gobyerno. Ang panukala ay magtatakda rin na ang ilang mga nakakababang tauhan ng IBA at Tagatuos ng Kuwenta ay mga miyembro ng hindi inuring serbisyo.

## PAHAYAG NG TAMA SA PANANALAPI

Ang pag-apruba sa panukala ng balotang ito ay walang magiging tama sa pananalapi ng Lunsod.

# PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON C

## KAKULANGAN NG MGA PAGSUSURI AT PAGBALANSE ANG LUMIKHA SA ATING MGA PROBLEMA

Ang $1.2 Bilyon na kakulangan ng pensiyon na nagbanta sa katatagan ng pananalapi ng San Diego ilang taon na ang nakakalipas ay ang naging bunga ng isang sistemang hindi nagbigay ng sapat na mga pagsusuri, pagbalanse at kaaninagan.

## ANG PROPOSISYON "C" AY MAGTATAKDA NG MGA PROTEKSIYON AT MGA PAGSANGGALANG

Ang Proposisyon "C" ay maglalagay sa kinakailangang mga pagsusuri at pagbalanse sa Saligang Batas ng Lunsod:

- Ang Prop "C" ay titiyak na ang mga independiyente o malayang dalubhasa sa pananalapi - hindi mga tauhan ng lunsod o mga politiko - ang bubuo sa karamihan ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta na nagsusuri sa mga pananalapi ng Lunsod.
- Ang Prop "C" ay nagpapalakas sa kalayaan ng Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod, na gumaganap bilang bantay sa mga pananalapi ng Lunsod. Ang Tagatuos ng Kuwenta ay hindi nasasaklawan ng presyon na pampulitika dahil sa isang 10 taon na taning, nananagot ng direkto sa Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta, at maari lamang tanggalin sa pamamagitan ng paghiling ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta.
- Sa ilalim ng sistemang ito, ang pananagutan para sa reporma ay pinaghahati-hatian ng malayang mga dalubhasa sa pananalapi, ang alkalde at ang konseho - bawat isa ay nagbibigay ng isang pagsusuri at pagbalanse sa kapwa.

## ANG MGA DALUBHASA AY SUMASANG-AYON SA PAGTALAKAY NA ITO

Ang mga pagbabagong ito ay kaugma sa mga rekomendasyon ng independiyenteng bantay sa pananalapi ng Komisyon ng mga Seguro at Pagpapalit, ang Independiyenteng Tagasuri ng Badyet at ang Komite ng Pagrerepaso ng Saligang Batas.

## ANG KATATAGAN NG PANANALAPI NG LUNSOD AY UMAASA DITO

Ang muling pagbabalik sa antas ng kredito ng San Diego, karangalan sa mga namumuhunan, at kakayahang gumawa ng mahalagang mga pagbabago sa tubig, tuberiyas, daanan at iba pang mga pasilidad pampubliko ay lahat umaasa sa pagtatakda ng mga pagsanggalang na ito.

## ANG TUNAY NA AGENDA NG MGA KALABAN: PROTEKTAHAN ANG STATUS QUO

Ang tunay na agenda ng mga kalaban ay ang mapanatili ang status quo kung saan ang isang sangay ng gobyerno ay may halos buong pagkontrol sa - at ang kakayahang pagtakpan - ang mga pananalapi ng Lunsod. Ito ang naglagay sa panganib sa ating Lunsod sa umpisa at ngayon ay nagbabanta sa kaunlarang pangkinabukasan ng ating Lunsod.

**Mangyaring samahan kami sa pagboto ng OO sa "C" upang mapangalagaan ang iyong mga buwis at panatilihin ang ating lunsod sa landas ng katatagan ng pananalapi.**

JAMES R. MILLIKEN
Hukom ng Korte Superyor (Retirado)/
Bise Pinuno ng Komite ng Pagrerepaso ng Saligang Batas ng Lunsod

JOHN G. DAVIES
Pinuno ng Komite ng Pagrerepaso ng Saligang Batas ng Lunsod/
Dating Tagapayo sa mga Hinihirang Na Hukom kay Gob. Schwarzenegger

JERRY SANDERS
Alkalde

KGG. KEVIN FAULCONER
Pinuno Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ng Lunsod

SUSAN A. CHANNICK
Propesor ng Batas/
Miyembro Komite ng Pagrerepaso ng Saligang Batas ng Lunsod

# PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON C

## ILAYO ANG SORRO SA BAHAY MANUKAN

Ang Prop C ay nagpapahintulot sa alkaldeng pumili ng tao na magsusuri sa lahat ng pamahalaan ng lunsod at lahat ng mga departamento ng lunsod. Ang alkalde ay ang tagapamahala ng lunsod na namamalakad sa lahat ng mga departamento ng lunsod; ang pagpapahintulot sa sinumang alkalde na humirang sa tao na magsusuri sa mga departamento ng lunsod ay tulad ng pagbabantay ng sorro sa bahay manukan.

## ANG MATAPAT NA GOBYERNO AY NANGANGAILANGAN NG ISANG INDEPENDIYENTENG TAGATUOS NG KUWENTA NG LUNSOD

Ang pagtitiwalang pampubliko sa mga pananalapi ng lunsod ay nagsisimula sa tagatuos ng kuwenta. Ang isang independiyenteng tagatuos ng kuwenta ay tumitiyak ng mapagkakatiwalaan, mabilis at wastong pag-uulat sa pananalapi at nagtataas sa tiwala ng nagbabayad ng buwis sa kung paano ginagastos ang mga dolyar ng buwis.

## NAWALA NG SAN DIEGO ANG KANYANG ANTAS NG KREDITO DAHIL SA PAKIKIALAM NG PAMAHALAAN

Noong 2004, ang tagatuos ng kuwenta ng lunsod ay kahiya-hiyang umalis noong natagpuan ang mga mali at mapanlinlang na pahayag ng pananalapi na naibigay dahil sa presyon mula sa pamahalaan. Ang Prop C ay nagpapahintulot sa asal na ito na magpatuloy.

## ANG PROP C AY MAGPOPROTEKTA SA MGA INTERES PAMPULITIKA, HINDI SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang trabaho ng tagatuos ng kuwenta ay protektahan ang mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagiging isang walang pinapanigan at malayang pagsusuri sa mga pagkokontrol sa pananalapi ng lunsod at paggawa. Ang tagatuos ng kuwenta ay hindi dapat maging isang pampulitikang gomang selyo.

## ANG PROP C AY ISANG TABING NG USOK

Pinag-iisa ng Prop C ang isang nakakalitong halo ng mga pagbabago sa Saligang Batas ng Lunsod. Walang tunay na pagpipilian ang mga botante tungkol sa kung saang mga usapin ang susuportahan at kung alin ang tatanggihan.

## PROTEKTAHAN ANG IYONG MGA DOLYAR NG BUWIS

Ang mga antas ng pambansang pagsusuri ng kuwenta ay nag-aatas sa mga tagatuos ng kuwenta na maging malaya sa mga entidad na kanilang sinusuri. Lumalabag ang Prop C sa mga pag-aatas na ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sorro na nagbabantay sa bahay manukan.

**"Ang kakulangan ng laya ay negatibong makakaapekto sa kakayahan ng tagatuos ng kuwenta na huwag pumanig. Karapat-dapat sa mas mahusay ang mga mamamayan ng San Diego."**

John Torell, Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ng San Diego, 2005-2007

## BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON C

Para sa higit pang impormasyon: www.auditsandiego.com

DONNA FRYE
Miyembro ng Konseho ng Lunsod ng San Diego

JOHN A. GORDON
Miyembro, 2007 Komite ng Pagrerepaso ng Saligang Batas ng Lunsod ng San Diego

CARL DE MAIO
Tagapangulo, Mga Mamamayan ng San Diego para sa Maykapanagutang Gobyerno

THERESA QUIROZ
Sekretarya/Tesorero, Mga Kapitbahayan para sa Matapat na Gobyerno

JOHN TORELL
Sertipikadong Pampublikong Kontador

# IMINUNGKAHING SUSOG SA SALIGANG BATAS

Ang mga bahagi ng saligang batas na idadagdag ay sinalungguhitan
at ang mga bahaging tatanggalin ay nakalimbag sa ~~ginuhitang~~ uri.

**Seksyon 39: ~~Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at Tagatimpi~~Punong Opisyal ng Pananalapi.**

Ang ~~Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at Tagatimpi~~Punong Opisyal ng Pananalapi ay ~~iboboto~~hihirangin ng Tagapamahala ng Lunsod at pagtitibayin ng Konseho ng Lunsod para sa isang walang katiyakang taning at maglilingkod hanggang sa ang kanyang kapalit ay ~~ibinoto~~hinirang at binigyang karapatan. Ang ~~Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at Tagatimpi~~Punong Opisyal ng Pananalapi ay ang magiging pinunong opisyal ng pananalapi ng Lunsod. Siya ay gagawa sa pangangasiwa sa lahat ng mga kuwenta, at ang mga kuwenta ay pananatilihing nagpapakita sa mga transaksiyon ng pananalapi ng lahat ng mga Departamento ng Lunsod sa mga pormang inatas ~~niya~~ang Punong Opisyal ng Pananalapi at inaprubahan ng Tagapamahala ng Lunsod at ng Konseho. Sasailalim sa direksiyon at pangangasiwa ng Tagapamahala ng Lunsod, ang Punong Opisyal ng Pananalapi ay mananagot sa paghahanda ng taunang badyet ng Lunsod. Siya ay mananagot din sa pangangasiwa ng pamamalakad sa pananalapi ng Lunsod, tesoreriya, pamamahala sa panganib at mga tungkulin ng pamamalakad sa utang. Siya ay magbibigay sa Tagapamahala ng Lunsod at sa Konseho ng hindi bababa ng buwanan ng isang buod na pahayag ng mga kinita at gastos para sa naunang panahon ng kuwenta, na detalyado kaugnay sa mga pamamahagi at mga pondo sa naturang paraan na nagpapakita sa eksaktong kalagayan ng pananalapi ng Lunsod at ng bawat Departamento, Dibisyon at opisina nito. Walang kontrata, kasunduan, o ibang obligasyon para sa paggastos ng mga pondong pampubliko ang papasukan ng sinumang opisyal ng Lunsod at walang naturang kontrata ang magkakaroon ng saysay hangga't hindi ~~pagtibayin ng Tagatuos ng Kuwenta at Tagatimpi~~Punong Opisyal ng Pananalapi sa pamamagitan ng sulat na nagkaroon ng pamamahagi upang mabayaran ang gastos at may natitirang sapat na balanse upang maabot ang pangangailangan nito. Siya ay gaganap sa mga tungkuling inatas sa ~~mga Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at Tagatimpi~~pinunong opisyal ng pananalapi ng munisipyo ng mga batas ng Estado ng California, at iba pang naturang mga tungkulin na inatas sa kanya ng mga ordinansa ng Konseho, subalit walang pipigil sa ~~Konseho~~Tagapamahala ng Lunsod sa paglilipat sa ibang mga opisyal ng mga usaping pinananagutan ng ~~Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at Tagatimpi~~Punong Opisyal ng Pananalapi na hindi direktong kaugnay sa mga pananalapi ng Lunsod. ~~Siya~~Ang Punong Opisyal ng Pananalapi ay maghahanda at magbibigay sa Tagapamahala ng Lunsod ng naturang impormasyon tulad ng iaatas ng Tagapamahala ng Lunsod para sa paghahanda ng isang taunang badyet. ~~Siya~~Ang Punong Opisyal ng Pananalapi ay hihirang sa kanyang mga tauhan na sasailalim sa mga pagtatakda ng Serbisyo Sibil ng Saligang Batas na ito. Ang awtoridad, kapangyarihan at mga pananagutang iginawad sa Tagatuos ng Kuwenta at Tagatimpi ng Saligang Batas na ito ay ililipat sa, aakuin, at ipapairal ng Punong Opisyal ng Pananalapi.

**Seksyon 39.1: Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta**

Ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay magiging isang independiyenteng kinatawan na binubuo ng limang mga miyembro. Walang kinalaman sa anumang ibang kasalungat na pagtatakda ng Saligang Batas, ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay hihirangin tulad ng itinakda sa ilalim ng seksiyon na ito. Upang matiyak ang kanyang pagiging independiyente, ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay bubuuin ng dalawang miyembro ng Konseho ng Lunsod at tatlong miyembro ng publiko. Ang dalawang mga miyembro ng Konseho ay hihirangin ng Konseho, isa na kung sino ay maglilingkod bilang Tagapangulo ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta. Ang tatlong mga miyembro ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay hihirangin ng Konseho ng Lunsod mula sa isang grupo ng hindi bababa sa dalawang kandidato para sa bawat bakanteng puwesto, na irerekomenda ng isang mayoriyang boto ng isang komiteng pumipili na binubuo ng isang miyembro ng Konseho ng Lunsod, ang Punong Opisyal ng Pananalapi, ang Independiyenteng Tagasuri ng Badyet at dalawang panlabas na dalubhasa ng pananalapi na hinirang ng ibang tatlong mga miyembro ng komiteng pumipili at pinagtibay ng Konseho ng Lunsod. Ang mga miyembro ng publiko ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay magtataglay ng laya, karanasan at kadalubhasaang teknikal na kinakailangan upang maisagawa ang mga tungkulin ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta. Ang kadalubhasaang ito ay nagbibilang ngunit hindi nalilimitahan sa kaalaman sa pagkukuwenta, pagtutuos ng kuwenta at pag-uulat sa pananalapi. Ang pinakamababang mga pamantayang propesyonal para sa mga miyembro ng publiko ay magbibilang ng hindi bababa sa 10 taon ng karanasan bilang isang sertipikadong kontador pampubliko o bilang isang sertipikadong panloob na tagatuos ng kuwenta, o 10 taon ng ibang propesyonal na karanasan sa pananalapi o legal na karanasan sa pamamahala ng pagtutuos ng kuwenta. Ang mga miyembro ng publiko ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay maglilingkod ng taning na apat na taon at hanggang sa ang kanilang mga kapalit ay nahirang at naging karapat-dapat. Ang mga miyembro ng publiko ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay nililimitahan sa dalawang buong magkasunod na taning, na may isang taning na napagitna bago sila maging karapat-dapat sa muling paghirang. Walang kinalaman sa anumang ibang pagtatakda ng seksiyon na ito, ang mga paghirang ay gagawin upang hindi hihigit sa isang taning ng opisina ang matatapos sa anumang isang taon.

Ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay magkakaroon ng pananagutan ng pangangasiwa tungkol sa pagtutuos ng kuwenta ng Lunsod, mga panloob na pagkontrol at anumang ibang mga gawain ng pananalapi o pangnegosyo na inaatas ng Komiteng ito sa pamamagitan ng Saligang Batas na ito. Ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay magkakaroon ng pananagutan sa pagtutuon at pagrerepaso sa trabaho ng Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay direktong mananagot sa Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta. Ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay magrerekomenda sa taunang suweldo ng Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at sa taunang badyet ng Opisina ng Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod sa Konseho at mananagot sa isang taunang pagsusuri ng paggawa sa Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod. Ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay magrerekomenda sa Konseho sa pagpapanatili ng Lunsod ng isang panlabas na kompanya ng pagtutuos ng kuwenta at, kapag nararapat, sa pagtatanggal ng naturang kompanya. Ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay susubaybay sa paggamit ng panlabas na kompanya ng pagtutuos ng kuwenta at magsasaayos sa lahat ng mga alitan sa pagitan ng pamahalaan ng Lunsod at ng panlabas na tagatuos ng kuwenta kaugnay sa paghaharap ng mga taunang ulat ng pananalapi ng Lunsod. Ang lahat ng naturang alitan ay iuulat sa Konseho. Ang Konseho ay maaring magtakda ng karagdagang mga pananagutan at mga tungkulin ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta sa pamamagitan ng ordinansa kung kailangan upang pairalin ang mga pagtatakda ng seksiyon na ito.

**Seksyon 39.2: Opisina ng Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod**

Ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay hihirangin ng Tagapamahala ng Lunsod, na may pagsangguni sa Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta, at pinatibay ng Konseho. Ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay magiging isang sertipikadong pampublikong kontador o sertipikadong panloob na tagatuos ng kuwenta. Ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay maglilingkod ng isang taning na sampung taon. Ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay mag-uulat at mananagot sa Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta. Sa pagrekomenda ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta, ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay maaring alisin ng makadahilan sa pamamagitan ng isang boto ng dalawa't-ikatlo ng mga miyembro ng Konseho. Ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay ang magiging humihirang na awtoridad sa lahat ng mga tauhan ng Lunsod na inawtorisahan sa departamento sa normal na taunang badyet at proseso ng pamamahagi ng Lunsod, at sasailalim sa mga pagtatakda ng Serbisyo Sibil ng Saligang Batas na ito.

Ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay taunang maghahanda ng isang Plano ng Pagtutuos ng Kuwenta at magsasagawa ng mga pagtutuos ng kuwenta alinsunod dito at gaganap ng naturang ibang mga tungkulin na maaring iatas ng ordinansa o tulad ng itinakda ng Konstitusyon at mga pangkalahatang batas ng Estado. Ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay susunod sa mga Pamantayan ng Pagtutuos ng Kuwenta ng Gobyerno. Ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay magkakaroon ng akseso sa, at awtoridad na suriin ang anuman at lahat ng mga rekord, dokumento, mga sistema at mga talaan ng Lunsod at/o ibang ari-arian ng anumang departamento ng Lunsod, opisina o ahensiya, itinatag man ng Saligang Batas o hindi. Tungkulin ng sinumang opisyal, empleado o ahente ng Lunsod na may pagtitimpi sa naturang mga rekord na pahintulutan ang akseso sa, at pagsusuri dito, kapag hinilingan ng Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod o ng kanyang inawtorisahang kinatawan. Tungkulin din ng sinumang naturang opisyal, empleado o ahente na makikipagtulungan ng husto sa Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod, at gumawa ng buong pagpapahayag ng lahat ng mahalagang impormasyon. Ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ay maaring magsiyasat sa anumang mahalagang reklamo ng pandaraya sa pananalapi, pagsasayang o maling asal sa loob ng anumang Departamento ng Lunsod at para sa layuning ito ay maaring tumawag ng sinumang opisyal, ahente o empleado ng Lunsod, sinumang nagrereklamo o ibang tao, at suriin siya pagkabigay ng panunumpa o pagpapatibay na kaugnay nito. Ang lahat ng mga kontrata ng Lunsod sa mga kinukunsulta, mga nagbebenta o mga ahensiya ay ihahanda na may sapat na sugnay ng pagtutuos ng kuwenta upang bigyan ng akseso ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod sa mga talaan o rekord ng entidad na kailangan upang mapatunayan ang pagsunod sa mga taning na itinakda sa kontrata. Ang mga resulta ng lahat ng mga pagtutuos ng kuwenta at mga ulat ay gagawing maaring makuha ng publiko alinsunod sa mga pag-aatas ng Batas ng mga Pampublikong Rekord ng California.

**Seksyon 39.3: Independiyenteng Tagasuri ng Badyet.**

Walang kinalaman sa anumang ibang pagtatakda ng Saligang Batas na ito, ang Konseho ng Lunsod ay magkakaroon ng karapatang itatag sa pamamagitan ng ordinansa ang isang Opisina ng Independiyenteng Tagasuri ng Badyet na pamamahalaan at titimpiin ng Independiyenteng Tagasuri ng Badyet. Ang Opisina ng Independiyenteng Tagasuri ng Badyet ay magbibigay ng pagsusuri ng badyet at patakaran para sa Konseho ng Lunsod. Ang Konseho ng Lunsod ay hihirang sa Independiyenteng Tagasuri ng Badyet, na kung sino ay maglilingkod sa kaluguran ng Konseho at maaring alisin sa opisina ng Konseho sa anumang panahon. Ang sinumang taong naglilingkod bilang Independiyenteng Tagasuri ng Badyet ay magkakaroon ng mga propesyonal na katangian ng isang antas ng kolehiyo sa pananalapi, ekonomiya, negosyo, o iba pang mahalagang larangan ng pag-

aaral o mahalagang propesyonal na katibayan. Kabilang dito, ang naturang hinirang ay magkakaroon ng karanasan sa larangan ng pananalaping munisipal o mas malaking kaparehong kapantay na karanasan. Ang Independiyenteng Tagasuri ng Badyet ay ang magiging humihirang na awtoridad sa lahat ng mga tauhan ng Lunsod na inawtorisahan sa departamento sa normal na taunang badyet at proseso ng pamamahagi ng Lunsod, at sasailalim sa mga pagtatakda ng Serbisyo Sibil ng Saligang Batas na ito.

**Seksyon 45: Tesorero ng Lunsod**

Ang Tagapamahala ay hihirang ng ~~isang~~sa Tesorero~~sumasailalim sa pagpapatibay ng isang mayoriya ng mga miyembro ng Konseho~~. Siya ay magsasagawa sa mga tungkuling inatas sa mga Tesorero ng Lunsod ng pangkalahatang batas, ang Saligang Batas ng Lunsod, o mga ordinansa ng Konseho. Ang opisina ng Tesorero ay bubuuin ng Tesorero at naturang mga nakakababang opisyal at mga empleado na aawtorisahan ng ordinansa.

Ang Tesorero ay tatanggap, magkakaroon ng pagbabantay sa, at magpapamahagi sa mga pera ng Lunsod sa kautusan o tsekeng-kautusan ng ~~Tagatuos ng Kuwenta at Tagatimpi~~Punong Opisyal ng Pananalapi sa ilalim ng mga pagtatakda ng seksiyon 53911 ng Kodigo ng Gobyerno ng Estado ng California. Siya ay magpapanatili ng naturang mga talaan at mga rekord na kinakailangan para sa pagrerekord ng lahat ng mga resibo at mga gastos, kabilang ang isang talaan ng pera sa mga lagakan ng Lunsod. Ang bawat opisyal ng Departamento, o institusyon na tumatanggap ng perang direkto mula sa publiko, ay maglalagak sa pareho ng araw-araw sa Tesorero, maliban kung inawtorisahang iba ng ordinansa. Ang Tesorero ay hihingi at tatanggap mula sa Tagakolekta ng Buwis ng County ng mga perang kinolekta niya para sa paggamit ng Lunsod. At magiging tungkulin ng naturang opisyal ng County na ideposito ang naturang pera ng buwanan sa Tesorero ng Lunsod.

Ang Tesorero ay magpapasiya alinsunod sa pangkalahatang batas ng estado, sa pagpili ng mga lagakan para sa mga pondo ng Lunsod. Ang lahat ng interes na nakolekta sa mga pondo ng Lunsod ay kukuwentahin ng buwanan ng Tesorero.

Kapag ang sinumang tao ay nakautang sa Lunsod sa anumang paraan at ang pamamaraan ng pagkolekta sa naturang utang ay hindi itinakda ng batas o ordinansa, ang Tesorero ay aawtorisahang humingi at tumanggap ng pareho. Kapag ang anumang reklamo ay hindi maaring makolekta sa anumang ibang paraan, siya ay mag-uulat sa pareho sa Tagapamahala ng Lunsod at sa Abugado ng Lunsod para litisin. Kapag ang kabayaran ng isang reklamo o anumang paghatol nito ang ginawa, siya ay tatanggap at reresibo kung gayon sa pangalan ng Lunsod.

Ang Tesorero ay magpapalabas ng mga paunawa para sa at kokolekta ng mga espesyal na pagtatasang dati bago ang pagpapatibay sa Tagatuos ng Kuwenta ng County, sisingil para sa mga permiso ng pribadong paggamit ng mga kalyeng pampubliko, at naturang ibang mga samut-saring buwis, mga bayad, mga pagtatasa, mga lisensiya at mga bayad ng pribelehiyo na sa pana-panahon ay itinakdang-gawain sa kanya. Siya ay ay magpapanatili ng isang patuloy na pagsisiyasat ng mga talaan at mga kuwenta ng naturang mga buwis, mga lisensiya at mga bayad ng pribelehiyo upang maipairal ang pagkolekta sa mga ito.

Ang Tesorero ay magpapalabas sa lahat ng mga permiso at lisensiya maliban sa mga lisensiya ng departamento at mga lisensiyang kung alin ay itinakda ng ordinansa sa tahasang mga Departamento. Ang naturang mga permiso at mga lisensiya ay ipapalabas maaring direkto ng Tesorero o sa espesipikong pag-aawtorisa ng angkop na Departamento tulad ng maaring iatas ng mga ordinansa, subalit lahat ng mga kinitang galing dito ay ilalagak sa Tesorero.

~~Ang Tesorero na nasa opisina sa panahon na inangkin ang Saligang Batas na ito ng mga tao ay maglilingkod sa taning ng opisinang kung alin siya ay ibinoto.~~

**Seksyon 111: Pagsusuri ng mga Kuwenta ng mga Opisyal**

Bawat taon ang Konseho ay magtatakda na ang isang pagsusuri ay gagawin sa lahat ng mga kuwenta at mga libro ng lahat ng mga Departamento ng Lunsod. Ang naturang pagsusuri ay gagawin ng mga independiyenteng tagatuos ng kuwenta na kung sino ay walang kaugnayan sa Lunsod. Sa pagkamatay, pagbibitiw o pagkatanggal ng sinumang opisyal ng Lunsod, ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod ~~at Tagatimpi~~ay gagawang magkaroon ng pagsusuri at imbestigasyon ng mga kuwenta ng naturang opisyal at iuulat ito sa ~~Tagapamahala at sa~~ Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ~~ng Konseho~~. Maaring ang Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta o ang Konseho ~~o ang Tagapamahala~~ ay sa anumang panahon maaring magtakda ng isang independiyenteng pagsusuri o pagtutuos ng mga kuwenta ng sinuman o lahat ng mga opisyal o mga Departamento ng gobyerno ng Lunsod. Sa kaso ng kamatayan, pagbibitiw o pagkatanggal ng Tagatuos ng

Kuwenta ng Lunsod at Tagatimpi, ang Tagapamahala ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta ay gagawang magkaroon ng pagsusuri ng kanyang mga kuwenta. Kung, bilang naging resulta ng anumang naturang pagsusuri, ang isang opisyal ay natagpuang nagkakautang sa Lunsod, ang Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsodat Tagatimpi, o ibang taong gumagawa ng naturang pagsusuri, ay kaagad magbibigay ng paunawa dito sa Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta, sa Konseho, sa Tagapamahala at sa Abugado ng Lunsod, at ang huli ay dito magpapatuloy sa pagkolekta ng naturang pagkakautang.

**Seksyon 117: Mga Hindi Inuri at Inuring Serbisyo**

Ang pagtatrabaho sa Lunsod ay hahatiin sa Hindi Inuri at Inuring Serbisyo.

(a) Ang Hindi Inuring Serbisyo ay magbibilang sa:

[mga subseksiyon (1) hanggang (6) walang pagbabago sa teksto]

(7) BadyetPunong Opisyal ng Pananalapi, Independiyenteng Tagasuri ng Badyet, at Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod

[mga subseksiyon (8) hanggang (10) walang pagbabago sa teksto]

(11) Tagapag-ugnay Pang-industriyaLahat ng mga Katulong at kinatawan ng Independiyenteng Tagasuri ng Badyet, at lahat ng mga Katulong at mga kinatawan ng Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod

[mga subseksiyon (12) hanggang (17) walang pagbabago sa teksto]

[mga subseksiyon (b) hanggang (c) walang pagbabago sa teksto]

**Seksyon 265: Ang Alkalde**

[subseksiyon (a) walang pagbabago sa teksto]

(b) Kabilang sa pagganap ng awtoridad, kapangyarihan, at mga pananagutang pormal na iginawad sa Tagapamahala ng Lunsod tulad ng inilarawan sa seksiyon 260(b), ang Alkalde ay magkakaroon ng sumusunod na karagdagang mga karapatan, mga kapangyarihan, at mga tungkulin:

[mga subseksiyon (1) hanggang (9) walang pagbabago sa teksto]

(10) Walang kinalaman sa wikang kasalungat sa seksiyon 39 ng Saligang Batas, ang tanging awtoridad na humirang sa Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at Tagatimpi, sumasailalim sa pagpapatibay ng Konseho;

(11)(10) Walang kinalaman sa wikang kasalungat sa mga seksiyon ng Saligang Batas, 30, 39, 57 o 58, awtoridad na magpaalis sa Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod at Tagatimpi, sa Hepe ng Pulisya o sa Hepe ng Departamento ng Sunog, sumasailalim lamang sa isang karapatan para sa mga opisyal na ito ng lunsod na umapila sa Konseho ng Lunsod upang baliktarin ang pasiya ng Alkalde. Ang anumang naturang pag-apila ay kailangang itala sa Klerk ng Lunsod sa loob ng 10 mga araw ng kalendaryo pagkatanggap ng paunawa ng pagpapaalis o pagkatiwalag mula sa Alkalde. Ang Klerk ng Lunsod ay pagkatapos nito gagawa sa pag-apila na mailagay sa talaan sa isang regular na bukas na pagpupulong ng Konseho ng Lunsod hindi tatagal sa 30 mga araw pagkatapos na maitala ang pag-apila sa Klerk;

(12)(11) Tulad ng itinakda sa mga seksiyon 41 at 43 ng Saligang Batas, ang awtoridad na humirang ng mga miyembro ng mga lupon ng Lunsod, mga komisyon, at mga komite, sumasailalim sa pagpapatibay ng Konseho;

(13)(12) Natatanging awtoridad na humirang ng mga kinatawan ng Lunsod sa mga lupon, mga komisyon, mga komite at mga ahensiya ng gobyerno, maliban kung ang umiiral na batas ay nagkakaloob sa kapangyarihan ng paghirang sa Konseho ng Lunsod o isang Opisyal ng Lunsod maliban sa Alkalde;

(14)(13) Makipagtulungan ng husto sa Konseho at sa Opisina ng Independiyenteng Tagasuri ng Badyet, kabilang ngunit hindi nalilimitahan sa, pagbibigay ng hiniling na impormasyon tungkol sa proseso ng pagbabadyet at kalagayang piskal ng Lunsod sa Konseho at sa Opisina ng Independiyenteng Tagasuri ng Badyet; at

(15)(14) Magmungkahi ng isang badyet sa Konseho at gawin ito na maaring masuri ng publiko, hindi tatagal sa Abril 15.

[mga subseksiyon (c) hanggang (j) walang pagbabago sa teksto]

**Seksyon 270: Ang Konseho**

[mga subseksiyon (a) hanggang (e) walang pagbabago sa teksto]

~~(f) Ang Konseho ay magkakaroon ng karapatang magtatag ng isang Opisina ng Independiyenteng Tagasuri ng Badyet na pamamahalaan at titimpiin ng Independiyenteng Tagasuri ng Badyet. Ang Konseho ng Lunsod ay hihirang sa independiyenteng opisyal na ito na maglilingkod sa kaluguran ng Konseho at maaring alisin sa Opisina ng Konseho sa anumang panahon. Ang Konseho ay magtatakda sa mga kapangyarihan ng Opisinang ito at ang kanyang tagapamahala sa pamamagitan ng ordinansa.~~

~~(g)~~(f) Walang miyembro ng Konseho ang direkto o hindi direkto sa pamamagitan ng mungkahi o kundi ay pagsubok na impluwensiyahan o pilitin ang Tagapamahala ng Lunsod o ibang opisyal na hinirang o pinagtibay ng Konseho sa paggawa ng anumang paghirang sa, o pagkatanggal mula sa, anumang opisina ng Lunsod o trabaho, o ang pagbili ng anumang mga kagamitan, o pag-usapang direkto o hindi direkto sa sinumang kandidato para sa Tagapamahala ng Lunsod ang usapin tungkol sa mga paghirang sa mga Opisina ng Lunsod o pagtatrabaho, o subukang kumuha ng anumang mga pangako mula sa naturang kandidato kaugnay ng anumang naturang mga paghirang.

~~(h)~~(g) Maliban sa layunin ng pagtatanong o komunikasyon sa pagsulong ng pagpapairal ng mga patakaran at mga pasiyang inaprubahan ng resolusyon o ordinansa ng Konseho, ang indibidwal na mga miyembro ng Konseho ay tatalakay sa serbisyong administratibo kung alin ang Alkalde ay may pananagutan lamang sa pamamagitan ng Alkalde, sa Tagapamahala ng Lunsod, o sa mga hinirang ng Alkalde.

~~(i)~~(h) Ang sinumang opisyal ng Lunsod o pinuno ng departamento sa serbisyong administratibo ay maaring hilingan na humarap sa Konseho o anumang ibang komite ng Konseho upang magbigay ng impormasyon o sumagot ng anumang katanungan.

**Seksyon 280: Pag-apruba o Pagbeto ng Alkalde sa mga Aksiyon ng Konseho**

(a) Ang Alkalde ay magkakaroon ng kapangyarihan ng beto sa lahat ng mga resolusyon at mga ordinansang ipinasa ng Konseho maliban sa sumusunod na mga hindi kasali:

(1) Ang kapangyarihan ng beto ng Alkalde ay hindi aabot sa mga usaping tanging nasa sakop ng Konseho, tulad ng pagpili sa Independiyenteng Tagasuri ng Badyet, pagpili sa isang namumunong opisyal, o ang pagtatag ng ibang mga tuntunin o mga patakaran ng pamamahalang bukod-tangi sa Konseho at hindi makakaapekto sa serbisyong administratibo ng Lunsod sa ilalim ng pagkontrol ng Alkalde.

(2) Ang kapangyarihan ng beto ng Alkalde ay hindi aabot doon sa mga usaping kung saan ang Konseho ay gumanap bilang isang kinatawang mala-hukuman at kung saan ang isang pampublikong pagbibista ay inatas ng batas na nagsasali sa nararapat na proseso ng karapatan ng mga indibidwal na naaapektuhan ng pasiya at kung saan ang Konseho ay inatasan ng batas na pag-isipan ang ebidensiya sa pagbibista at gumawa ng mga legal na pahayag ng natagpuan batay sa ebidensiyang iniharap.

(3) Mga Ordinansang Pang-emerhensiya.

(4) Ang Taunang Pamamahaging Ordinansa.

(5) Ang Ordinansa ng Suweldo, na kung alin sa halip nito ay sasailalim sa pagbeto alinsunod sa prosesong inilarawan sa seksiyon 290.

(6) Ang kapangyarihan ng beto ng Alkalde ay hindi aabot sa paghirang, pagpapatibay, o pagtatanggal ng mga miyembro ng Komite ng Pagtutuos ng Kuwenta o ng komiteng pumipili tulad ng itinakda sa seksiyon 39.1, o sa Tagatuos ng Kuwenta ng Lunsod tulad ng itinakda sa seksiyon 39.2.

[mga subseksiyon (b) - (c) walang pagbabago sa teksto]